PANDESAL 2005

Miyerkules, Hunyo 1, 2005
Ika-9 na Linggo ng Taon
Justino

Uanng Pagbasa: Tb 3:1-11, 16
Tinapay ng Buhay: Mc 12:18-27

Lumapit naman kay Jesus ang mga Sadduseo. Sinasabi ng mga ito na walang pagkabuhay na muli, kaya nagtanong sila: “Guro, isinulat ni Moises para sa amin: ‘Kung may mga magkakapatid na lalaki at mamatay na walang anak ang isa sa kanila, kailangang kunin ng kanyang kapatid ang kanyang asawa upang magpasibol ng supling sa kanyang kapatid.’ Ngayon, may pitong magkakapatid. Nag-asawa ang panganay at namatay na walang anak. Kaya kinuha ng ikalawa ang kanyang asawa, at namatay ring walang anak. Ganito rin ang nangyari sa pangatlo. Silang pito nga ay namatay nang hindi nagkaanak. At sa huli’y namatay din ang babae. Ngayon, sa muling pagkabuhay, kung mabubuhay silang muli, kanino sa pito siya magiging asawa? Ang pito nga ang umangkin sa kanya.”

Sumagot si Jesus: “Di kaya bunga ng di ninyo pagkaunawa sa Kasulatan at sa kapangyarihan ng Diyos ang inyong pagkakamali? Sa muling pagkabuhay nga nila, hindi na mag-aasawa ang lalaki o babae kundi para na silang mga anghel sa Langit.

At tungkol naman sa mga patay at sa muling pagkabuhay, hindi ba ninyo inunawa ang sinabi sa inyo ng Diyos sa aklat ni Moises, sa kabanata ng palumpong: Ako ang Diyos ni Abraham, ang Diyos ni Isaac at ang Diyos ni Jacob? Hindi siya Diyos ng mga patay kundi ng mga buhay. Maling-mali kayo.”

Komentaryo

Isa sa pangunahing tanong na nararapat nating pag-isipan ay: “Sino ang Diyos para sa akin?” Sa ating pagbasa, may pangkat na mga matatalino at dalubhasa na tao (mga Sadduseo) na lumapit at nagtanong kay Jesus. Nais nilang subukan kung totoo nga talaga si Jesus. Nagbigay sila nang tila mahirap na katanungan sa kanya. Ang tugon ni Jesus sa kanila ay nagbigay ng kapahayagan para din sa ating katanungan ngayon. Sabi niya, “...Hindi ninyo nababatid ang mga kasulatan ni ang kapangyarihan ng Diyos.” Ipinahayag sa Banal na Kasulatan kung sino ang Diyos para sa akin. Inaanyayahan tayo ng Diyos ng mga buhay na kilalanin natin Siya ayon sa Banal na Kasulatan.

Huwebes, Hunyo 2, 2005
Ika-9 na Linggo ng Taon
Marcelino at Pedro

Unang Pagbasa: Tb 6:11; 7:1, 9-17; 8:4-9
Tinapay ng Buhay: Mc 12:28-34

May isang guro ng Batas na nakarinig sa pagtatalo nila. Nang mapansin niyang tama ang sagot ni Jesus sa mga Sadduseo, lumapit siya at nagtanong kay Jesus: “Ano ang una sa lahat ng utos?”

Sumagot si Jesus na “Ito ang una: Makinig nawa, O Israel! Iisa lang ang Panginoong ating Diyos. At mamahalin mo ang Panginoon mong Diyos nang buo mong puso, nang buo mong kaluluwa, nang buo mong pag-iisip at nang buo mong lakas. At pangalawa naman ito: Mamahalin mo ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili. Wala nang utos na mas mahalaga pa kaysa mga ito.”

Kaya sinabi ng guro ng Batas: “Mabuti, Guro, totoo ang sinabi mong isa Siya at wala na maliban sa kanya. At ang mahalin siya nang buong puso at nang buong kaluluwa at nang buong lakas, at mahalin din ang kapwa gaya ng sarili ay mas mahalaga kaysa mga sinunog na handog at mga alay.”

Nakita ni Jesus na tama ang sinabi nito kaya sinabi niya: “Hindi ka malayo sa kaharian ng Diyos.” At wala nang nangahas magtanong sa kanya.

Komentaryo

Iba’t-ibang kahulugan ang ibinibigay natin sa pag-ibig. Ang Panginoong Jesus ay naglarawan sa ating binabasa ngayon ng kakaibang anyo ng pag-ibig. Mahalaga na makita natin na “buong” pag-ibig ang nais ng Diyos sa atin. Ito ay ang paghandog ng ating sarili sa kanya. Ang Diyos ang pagtutuunan natin ng pangunahing pansin. Walang dapat kahati ang pag-ibig natin sa kanya. Wala rin dapat humadlang sa pag-ibig natin sa Diyos. Walang kakumpetensya sa pag-ibig ang ibibigay ko sa Panginoon. Talagang mas higit na sakripisyo ang ganitong uri ng pag-ibig. Sabi ni Jesus ganitong pagibig ang pinakamahalaga sa ating buhay.

Biyernes, Hunyo 3, 2005
Kabanal-banalang Puso ni Jesus

Unang Pagbasa: Dt 7:6-11
Ikalawang Pagbasa: 1 Jn 4:7-16
Tinapay ng Buhay: Mt 11:25-30

Nagsalita si Jesus sa pagkakataong iyon: “Pinupuri kita Amang Panginoon ng Langit at lupa, sapagkat itinago mo ang mga bagay na ito sa matatalino at marurunong, at ipinamulat mo naman sa mga karaniwang tao. Oo, Ama, ito ang ikinasiya mo.

“Ipinagkatiwala sa akin ng aking Ama ang lahat. Walang nakakakilala sa Anak kundi ang Ama, at walang nakakakilala sa Ama kundi ang Anak at ang sinumang gustuhing pagbunyagan ng Anak.

“Lumapit sa akin, lahat kayong nahihirapan at may pinapasan, at pagiginhawahin ko kayo. Kunin ninyo ang aking pamatok at matuto sa akin, akong mahinahon at mababang-loob, at makakatagpo kayo ng ginhawa para sa inyong kaluluwa. Sapagkat mahusay ang aking pamatok at magaan ang aking pasanin.”

Komentaryo

Panata ni Tiyong Pinong na maglakad ng yapak tuwing mahal na araw mula sa bahay niya hanggang sa bundok doon sa Antipolo. Kahit mainit ang sikat ng araw ay tuloy pa rin ang paglalakad niya. Pagod, gutom at uhaw ang

nararanasan. Ang ating buhay ay isang paglalakbay patungo sa Diyos. Makakaranas tayo ng kahirapan habang tayo ay naglalakbay. Nag-aalok ang Panginoong Jesus ng isang buhay na may kagalingan para sa nahihirapan. Ang paanyaya ay para rin sa ating lahat na nangangailangan sa kanya. Ito ay isang imbitasyon para makaugnayan at makapiling siya araw-araw. Panahon na para tayo ay tumugon.

Sabado, Hunyo 4, 2005
Kalinis-Linisang Puso ni Maria

Unang Pagbasa: Is 61:9-11
Tinapay ng Buhay: Lc 1:46-48, 49-55

At sinabi ni Maria:
"Dinadakila ng aking kaluluwa ang Panginoon
at nagagalak ang aking espiritu sa Diyos na aking Tagapagligtas
dahil isinaalang-alang niya ang hamak na utusan niya,
at mula ngayon, itituring akong mapalad ng lahat ng salinlahi.
Dakila nga ang ginawa sa akin ng Makapangyarihan,
banal ang kanyang Pangalan.
Patuloy ang kanyang awa sa mga sali't salinlahi
para sa mga may pitagan sa kanya.
Ipinakita niya ang lakas ng kanyang bisig,
ipinagtabuyan ang mga taong may mapagmataas na balak.
Pinatalsik niya sa luklukan ang mga makapangyarihan,
itinampok naman ang mga bale-wala.
Binusog niya ng mababuting bagay ang mga nagugutom
at itinaboy namang walang-wala ang mayayaman.
Nilingap niya ang Israel na kanyang lingkod,
inalaala ang kanyang awa
ayon sa ipinangako niya sa ating mga ninuno,
kay Abraham at sa kanyang angkan magpakailanman."

Komentaryo

Sa ebanghelyo ngayon ay inilahad ang kuwento tungkol sa panahon na nawala sa piling ng magulang si Jesus. Hinanap nila ng husto si Jesus hanggang sa matagpuan sa Templo. May katulad ang larawan na ito sa karanasan ng maraming tao ngayon. Marami pa rin sa atin ang patuloy na hinahanap ang Diyos. Minsan buong panahon at lakas ang ginugugol natin para mahanap at maabot ang Panginoon. Para bang nawala siya sa ating karanasan ngayon at hindi natin maramdaman ang presensya niya. Ang katotohanan ay laging naririto ang Diyos. Ang kalutasan ng ating mga problema ay matutugunan ng Panginoong Jesus. Hanapin mo siya ngayon at madadatnan mo siya.

Linggo, Hunyo 5, 2005
Ika-10 Linggo ng Taon

Unang Pagbasa: Os 6:3-6

Sisikapin nating makilala si Yawe. Ang pagdating niya'y sintiyak ng bukanliwayway; sisikat ang kanyang pagliligtas gaya ng liwanag; darating siya sa atin tulad ng ulan sa tagsibol, tulad ng ulang dumidilig sa lupa.

O Efraim, ano'ng gagawin ko sa iyo? O Juda, paano kita pakikitunguhan?

Ang pag-ibig mo'y parang ulap sa umaga, parang hamog na madaling natutuyo. Kaya tinadtad kita sa aking mga propeta, at sinaksak sa mga salita ng aking bibig. Pagkat pag-ibig ang nais ko, hindi sakripisyo; pagkilala sa Diyos, hindi sinunog na handog.

Ikalawang Pagbasa: Rom 4:18-25

Umasa nga siya sa kabila ng kawalang-pag-asa, at naging ama siya ng maraming bansa ayon sa sinabing: Ganito ang magiging lahi mo. At hindi nanghina ang kanyang pananampalataya gayong hindi na makapagbibigay ng buhay ang kanyang katawan - magsasandaangtaon na siya, at wala ring kakayahang maglihi si Sara. Hindi siya nag-alinlangan sa pangako ng Diyos; sa halip, pinalakas siya ng kanyang pananampalataya at binigyang-luwalhati ang Diyos sa lubos niyang paniniwalang kung nangako ang Diyos, matutupad din niya ito. Dahil dito kaya siya kinilalang matuwid.

Kinilala ang sinasabi ng Kasulatan. Hindi dahil lamang sa kanya ito sinasabi kundi para sa atin na sumasampalataya sa kanya na nagpabangon sa ating Panginoong Jesus mula sa mga patay. Pinabayaan siya dahil sa ating mga kasalanan at ibinangon upang tayo'y maging matuwid at banal.

Tinapay ng Buhay: Mt 9:9-13

Sa paglalakad ni Jesus, nakita niya ang isang lalaking nagngangalang Mateo na nakaupo sa singilan ng buwis at sinabi niya rito: "Sumunod ka sa akin." At tumayo si Mateo at sinundan siya. At habang nasa hapag si Jesus sa bahay ni Mateo, maraming tagasingil ng buwis at iba pang makasalanan ang lumapit at nakisalo kay Jesus at sa kanyang mga alagad. Nang makita ito ng mga Pariseo, tinanong nila ang kanyang mga alagad: "Bakit kumakaing kasama ng mga makasalanan at manininggil ng buwis ang inyong guro?"

Nang marinig ito ni Jesus, sinabi niya: "Hindi ang malulusog ang nangangailangan ng doktor kundi ang mga maysakit! Sige, matutuhan sana ninyo ang kahulugan ng 'Awa ang gusto ko, hindi handog.' Hindi ako pumarito para tawagin ang mababuti kundi ang mga makasalanan."

Komentaryo

Mahiwaga sa isip ng marami ang mga pamamaraan ng Panginoong Jesus. Labag sa batas ng mga Pariseo na ang isang Rabbi katulad ni Jesus na makisalamuha sa mga makasalanan. Pero doon nakatutok ang misyon at layunin ni Jesus. Iniligtas niya tayo sa ating mga kasalanan. Nagkatawang tao siya at nanirahan kapiling natin para malaman at maramdaman niya kung ano ang kalagayan natin. Naparito siya para sa atin. Ngayon inimbita niya tayo katulad ni Mateo: "Sumunod ka sa akin." Nakapaloob dito sa paanyayang ito ang buhay kapiling ng Panginoon at kaligtasan sa kasalanan. Ang kapakanan natin lamang ang dahilan kung bakit naparito si Jesus. Hindi ito naunawaan ng mga Pariseo noon, hindi pa rin maunawaan ng maraming tao ngayon. Kung nauunawaan mo na ito ngayon, sasagot ka ng "oo" sa paanyaya Niya sa iyo.

Lunes, Hunyo 6, 2005
Ika-10 Linggo ng Taon
Norberto

Unang Pagbasa: 2 Cor 1:1-7
Tinapay ng Buhay: Mt 5:1-12

Nang makita ni Jesus ang makapal na tao, umahon siya sa bundok. Naupo siya roon at lumapit sa kanya ang kanyang mga alagad. At nagsimula siyang magturo sa kanila:

"Mapapalad ang mga may diwa ng dukha sapagkat sa kanila ang Kaharian ng Langit.

"Mapapalad ang mga nagluluksa sapagkat pagiginhawahin sila.

"Mapapalad ang mga di-marahas sapagkat mapapasakanila ang lupain.

"Mapapalad ang mga nagugutom at nauuhaw sa katarungan sapagkat bubusugin sila.

"Mapapalad ang mga maawain sapagkat kaaawaan sila.

"Mapapalad ang mga may busilak na puso sapagkat makikita nila ang Diyos.

"Mapapalad ang mga nagpupunyagi para sa kapayapaan sapagkat tatawagin silang mga anak ng Diyos.

"Mapapalad ang mga pinag-uusig dahil sa katarungan sapagkat kanila ang Kaharian ng Langit.

"Mapapalad kayo kung iniinsulto kayo at pinag-uusig at sinisiraang-puri dahil sa akin. Magsaya kayo at magalak sapagkat malaki ang gantimpalang nasa Diyos para sa inyo. Ganito rin pinag-usig ang mga propetang nauna sa inyo."

Komentaryo

Sa mga susunod na araw ay mababasa natin ang isa sa pinakadakilang pagtuturo: ang Sermon sa Bundok. Bahagi nito ay ang paksa ngayon na "Ang Mapalad." Ang pagiging mapalad ay hangad ng maraming tao. Ito ay mga aral na nagtuturo sa atin kung paano mamuhay sa ilalim ng gabay ng Diyos. Marami ang nagsasabi na ganap na mahirap ang pagsunod at pagtupad ng mga nakatala sa mga turong ito. Pero ipinakita ni Jesus ang buhay na kaayaaya at kalugud-lugod sa Diyos. Ang pagsunod sa turo ni Jesus na ito ay tunay na magdudulot ng pagpapala at totoong tayo ay magiging "mapalad."

Martes, Hunyo 7, 2005
Ika-10 Linggo ng Taon

Unang Pagbasa: 2 Cor 1:18-22
Tinapay ng Buhay: Mt 5:13-16

Sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad, "Kayo ang asin ng mundo. Ngunit kung mawalan ng lasa ang asin, paano pa ito mapaaalat na muli? Wala na itong silbi. Itatapon na lamang at tatapakan ng mga tao.

Kayo ang ilaw ng mundo. Hindi maitatago ang lunsod na itinayo sa tuktok ng bundok. Hindi rin sinisindihan ang ilaw para takpan ng kahon, sa halip ay inilalagay ito sa isang lampara at tumatanglaw sa lahat ng nasa bahay. Gayundin naman ang inyong liwanag sa paningin ng mga tao; at makikita nila ang inyong mabubuting gawain at pupurihin nila ang inyong Amang nasa langit."

Komentaryo

Ang asin ay nagbibigay ng lasa at nagpapasarap sa pagkain. Ito ay tumutulong sa paghilom ng sugat. Ang ilaw naman ay nagbibigay ng liwanag at kulay sa mundo. Ang matinding init na dulot ng matagal na pagtuon ng ilaw ay pumupuksa sa mga mikrobyo na siyang sanhi ng maraming sakit. Inihambing tayo ng Panginoong Jesus sa dalawang elementong ito para ilarawan ang kahalagahan ng isang Kristyano sa mundong ito! Sa mundo natin ngayon na puno ng kadiliman, karahasan, kahirapan at kasamaan, pinili tayo ni Jesus na siyang maging asin at ilaw upang ipahayag ang mga bagay tungkol sa Diyos para sa kaluwalhatian niya.

Miyerkules, Hunyo 8, 2005
Ika-10 Linggo ng Taon

Unang Pagbasa: 2 Cor 3:4-11
Tinapay ng Buhay: Mt 5:17-19

Sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad: “Huwag ninyong akalain na naparito ako para pawalang-bisa ang Batas at Mga Propeta. Naparito ako hindi para magpawalang-bisa kundi upang magbigay-kaganapan.

“At talagang sinasabi ko sa inyo: habang hindi nababago ang langit at lupa, hindi mababago ni isang kudlit o kuwit ng Batas: lahat ay matutupad.

“Kung may lumabag sa pinakamaliit na ipinag-uutos ng Batas at magturo ng ganoon sa mga tao, ituturing din siyang pinakamaliit sa Kaharian ng Langit. Ngunit kung may magsagawa at magturo ng mga ito sa mga tao, magiging dakila siya sa Kaharian ng Langit.”

Komentaryo

Hindi lubos maisip ng marami kung paano magwawakas ang langit at lupa. Pero ginamit ni Jesus ang larawan na ito upang makatawag-pansin para sa kahalagahan ng aral ng Diyos. Sa panahon ngayon hindi na nabibigyan ng kaukulang pansin ang mga bagay ng Diyos: ang kalooban, kautusan at ang Banal na Kasulatan niya. Para sa Diyos, napakahalaga ng mga ito. Isinulat ang mga kautusan para sa tao. Nakalagay dito ang buhay na nilayon ng Diyos para sa bawat isa. Binigyang diin ni Jesus ang kahalagahan ng bawat bahagi nito at ang pagtupad at pagtuturo ng Salita ng Diyos ngayon. Importante na malaman natin ang nilalaman ng Salita ng Diyos para maganap natin iyon.

Huwebes, Hunyo 9, 2005
Ika-10 Linggo ng Taon
Efren ng Syria

Unang Pagbasa: 2 Cor 3:15–4:1, 3-6
Tinapay ng Buhay: Mt 5:20-26

Sinabi ni Jesus sa maraming tao: “Sinasabi ko sa inyo na kung hindi mas ganap ang inyong kabanalan kaysa sa mga guro ng Batas at mga Pariseo, hinding-hindi kayo makapapasok sa Kaharian ng Langit.

“Narinig na ninyo na sinabi sa inyong mga ninuno: ‘Huwag kang papatay; ang sinumang pumatay ay lilitisin.’ Sinasabi ko naman sa inyo: ‘Ang sinumang magalit sa kanyang kapatid ay lilitisin. Ang sinumang manuya sa kanyang

kapatid ay lilitisin sa Sanggunian. At ang sinumang manghiya sa kanyang kapatid ay nararapat lamang itapon sa apoy ng impiyerno.

"Kaya sa paglalagay mo sa altar ng iyong hain at naalaala mong may reklamo sa iyo ang kapatid mo, iwan mo muna ang iyong hain sa harap ng altar at puntahan mo ang iyong kapatid para makipagkasundo sa kanya. At saka ka bumalik at ialay ang iyong hain sa Diyos.

"Makipagkasundo na sa iyong kaaway habang papunta pa kayo sa hukuman, at baka ipaubaya ka niya sa hukom na magpapaubaya naman sa iyo sa pulisya na magkukulong sa iyo. Talagang sinasabi ko sa iyo: hindi ka makalalabas hangga't di mo nababayaran ang kahuli-hulihang sentimo."

Komentaryo

Ipinakita ni Jesus kung paano niya ipinagkasundo sa pamamagitan ng Krus ng Kalbaryo ang makasalanang tao sa mapagmahal na Diyos. Ito ang dapat mangyari bago tuluyang maganap ang pagkakasundo ng tao sa kapwa tao. Nagpakita ang Diyos ng halimbawa ng tunay na pakikipagkasundo. Minsan ang alitan, at ang pag-aaway ng maraming tao ay labis na labis na. Ito ay nagdadala ng marami at malalim na sugat. Nais ng Diyos na makipag-ayos tayo, makipagkasundo ka muna bago tuluyang lumapit sa kanya. Kahit mukhang imposible, nararapat itong gawin. May kaayusan, kapayapaan at hustisya sa pakikipagkasundo sa kapwa.

Biyernes, Hunyo 10, 2005
Ika-10 Linggo ng Taon

Unang Pagbasa: 2 Cor 4:7-15
Tinapay ng Buhay: Mt 5:27-32

Sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad: "Narinig na ninyo na sinabing: 'Huwag kang makiapid.' Ngunit sinasabi ko naman sa inyo: ang sinumang tumingin nang may pagnanasa sa isang babae ay nakiapid na rin sa kanyang puso.

"Kaya kung ang iyong kanang mata ang nagbubuyo sa iyo sa kasalanan, alisin mo ito at itapon! Makababuti pa sa iyo na mawalan ng isang bahagi ng iyong katawan kaysa matapon ang buo mong katawan sa impiyerno. Kung ang iyong kanang kamay naman ang nagbubuyo sa iyo sa kasalanan, putulin mo ito at itapon! Mas makababuti sa iyo ang mawalan ng isang bahagi ng iyong katawan kaysa matapon ang buo mong katawan sa impiyerno.

"Sinabi rin namang: Kung may makikipagdiborsiyo sa kanyang maybahay, bigyan niya ito ng katibayan. Ngunit sinasabi ko sa iyo: kung may magpaalis sa kanyang maybahay sa ibang dahilan maliban sa kawalang-katapatan, pinapakiapid niya ito. At nakikiapid din ang nagpapakasal sa babaeng diborsiyada."

Komentaryo

Kahapon sinimulan nating pag-usapan na hangad ng Diyos ang maayos at mapayapang pakikitungo sa bawat isa. Ang pagninilayan natin ngayon ay ang maselan at matalik na pakikipag-ugnayan ng dalawang taong nagmamahalan. Binibigyan ng Diyos ng kaukulang pansin ang personal na relasyon ng isang babae at lalaki. Ang isang matalik at malalim na relasyon sa kapwa ay pinagtitibay ng tiwala, pag-ibig at katapatan. Hangarin ng Diyos na magkaroon

ng kapayapaan at hustisya sa lahat ng ating mga ugnayan lalung-lalo na sa relasyon ng isang babae at lalaki. Ang samahang ito ay banal sa mata ng Diyos. Diyos ang dapat gumabay sa ganitong relasyon at hindi lang sa sariling sikap natin.

Sabado, Hunyo 11, 2005
San Barnabas, Apostol

Unang Pagbasa: Gawa 11:21-26; 13:1-3
Tinapay ng Buhay: Mt 10:7-13

Sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad, “Ipahayag ang mensaheng ito sa inyong paglalakbay: ‘Palapit na ang Kaharian ng Langit.’ Pagalingin ang maysakit, buhayin ang patay, linisin ang mga mayketong at palayasin ang mga demonyo. Tinanggap ninyo ito nang walang bayad kaya ibigay rin ninyo nang walang bayad. Huwag magdala ng ginto, pilak o pera sa inyong mga bulsa. Huwag magdala ng balutan o sobrang damit o sandalyas o tungkod, sapagkat may karapatan ang manggagawa sa kanyang ikabubuhay.

“Pagdating ninyo sa isang bayan o baryo, maghanap ng isang taong karapat-dapat at makituloy sa kanya hanggang sa inyong pag-alis.

“Pagpasok ninyo sa isang tahanan, dasalan ito ng kapayapaan. Kung karapat-dapat ang sambahayang ito, sasakanila ang kapayapaang dinasal ninyo; kung hindi naman karapat-dapat, babalik sa inyo ang inyong dasal.”

Komentaryo

Nais ng Diyos na maayos, matapat, at mapagkakatiwalaan ang mga alagad niya. Ito ay dahil sa ang mga sinugo niya ay kumakatawan sa Panginoon mismo. Sila ang mga mata, kamay at paa ng Diyos dito sa mundo. Bitbit ng mga sugo niya hindi lang ang pangalang Kristiyano pati rin ang mensahe ng Diyos. Ang isang alagad ng Panginoong Jesus ay matapat na maglilingkod, simple kung manamit at dalisay makitungo sa kapwa. Ang mga ito ang nilalaman ng mga panukala para sa manggagawa ng Panginoon Jesus. Tinawag tayo ng Diyos upang maghatid ng kanyang Mabuting Balita sa mundo.

Linggo, Hunyo 12, 2005
Ika-11 Linggo ng Taon

Unang Pagbasa: Ex 19:2-6

Dumating ang mga Israelita sa Ehipto mula sa Refidim at nagkampo sa Disyerto ng Sinai.

Doon sila nagkampo sa tapat ng bundok, ngunit umahon si Moises sa Diyos, at tinawag siya ni Yawe mula sa bundok, at sinabi: “Ito ang sasabihin mo at ipaliliwanag sa mga Israelita.

“Nakita ninyo ang ginawa ko sa mga Ehipsiyo at kung paano ko kayo pinasan sa mga pakpak ng agila at pinapunta sa akin. Kung makikinig ka ngayon sa akin at tutupdin ang aking tipan, kayo ang magiging natatangi kong ari-arian sa lahat ng bansa. Sapagkat akin ang buong daigdig, ngunit kayo ay magiging kaharian ng mga pari at banal na bansa para sa akin. - Ito ang mga salitang sasabihin mo sa mga anak ng Israel.”

Ikalawang Pagbasa: Rom 5:6-11

Tingnan ninyo kung kailan itinakdang mamatay si Kristo alang-alang sa atin: noong tayo'y makasalanan at walang kakayanan. Bihira ang mag-aalay ng buhay para sa taong matuwid; may mangangahas naman sigurong mag-alay ng buhay alang-alang sa mabuting tao. Pero tingnan ninyo kung paano ipinakikita ng Diyos ang kanyang pagmamahal sa atin: namatay si Kristo para sa atin noong makasalanan pa tayo.

Yamang tayo'y naging matuwid at banal sa bisa ng kanyang dugo, mas tiyak tayong maliligtas sa paghatol sa pamamagitan niya. Yamang ipinagkasundo tayo sa Diyos sa bisa ng kamatayan ng kanyang Anak noong kaaway pa tayo ng Diyos, mas tiyak tayong maliligtas sa bisa ng kanyang buhay ngayong naipagkasundo na tayo. At isa pa'y buong puso tayong nananalig sa Diyos dahil kay Jesucristo na sa pamamagitan niya, nakamit natin ang pakikipagkasundo.

Tinapay ng Buhay: Mt 9:36–10:8

Nang makita ni Jesus ang makapal na tao, naawa siya sa kanila sapagkat hirap sila at lupaypay na parang mga tupang walang pastol. At sinabi niya sa kanyang mga alagad: "Marami nga ang aanihin at kakaunti naman ang mga manggagawa. Idalangin ninyo sa panginoon ng ani na magpadala siya ng mga manggagawa sa kanyang ani."

Tinawag ni Jesus ang labindalawa niyang alagad at binigyan sila ng kapangyarihan sa maruruming espiritu para palayasin ang mga ito at pagalingin ang lahat ng sakit at karamdaman.

Ito ang mga pangalan ng labindalawang apostol: una, si Simong tinatawag na Pedro, at ang kanyang kapatid na si Andres; si Jaime na anak ni Zebedeo, at ang kapatid nitong si Juan; sina Felipe at Bartolome, Tomas at Mateo, na tagasingil ng buwis; si Jaimeng anak ni Alfeo, at si Tadeo; si Simong Kananeo, at si Judas Iskariote na magkakanulo sa kanya.

Sinugo ni Jesus ang labindalawang ito at pinagbilinan: "Huwag kayong lumiko papunta sa mga pagano at huwag pumasok sa bayang Samaritano. Hanapin ninyo ang nawawalang tupa ng sambayanan ng Israel.

"Ipahayag ang mensaheng ito sa inyong paglalakbay: 'Palapit na ang kaharian ng Langit.' Pagalingin ang maysakit, buhayin ang patay, linisin ang mga mayketong at palayasin ang mga demonyo. Tinanggap ninyo ito nang walang bayad kaya ibigay rin ninyo nang walang bayad."

Komentaryo

Madalas tayong makatanggap ng masasama at hindi kaaya-ayang balita sa dyaryo, TV at radyo. Nguni't ayon sa ating ebanghelyo, dapat nating ipahayag sa lahat ang Mabuting Balita tungkol sa Panginoong Jesus. Nakita ng Panginoon ang kalunus-lunos na kalagayan ng tao. Simula noon hanggang ngayon tila wala pa ring pagbabago ang kalagayan ng tao. Hinangad ni Jesus na magkaroon ng mga manggagawa na maghahatid ng mensahe ng pag-asa at kaligtasan sa ating lahat. Isinulat dito ang mga unang tao, ang 12 apostol, na tinawag ng Diyos para humayo at mangaral. Ngunit hindi natapos ang kuwento doon, hanggang ngayon tumatawag pa rin ang Diyos ng mga anak niya na maging mga tagapagpahayag ng Mabuting Balita. Tutugon ka ba sa tawag na ito?

Lunes, Hunyo 13, 2005

Ika-11 Linggo ng Taon
San Antonio de Padua

Unang Pagbasa: 2 Cor 6:1-10
Tinapay ng Buhay: Mt 5:38-42

Sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad, “Narinig na ninyo na sinabi: ‘Mata sa mata at ngipin sa ngipin.’ Ngunit sinasabi ko sa inyo: Huwag ninyong labanan ng masama ang masama. Kung sampalin ka sa kanang pisngi, ibaling ang mukha at iharap ang kabilang pisngi. Kung may magdemanda sa iyo para kunin ang iyong sando, ibigay mo pati ang iyong kamiseta.

“Kung may pumilit sa iyong sumama sa kanya nang isang kilometro, dalawang kilometro ang lakarin mong kasama niya. Bigyan ang nanghihingi at huwag talikuran ang may hinihiram sa iyo.”

Komentaryo

Sa ating pakikipagkapwa-tao at pakikisama ay dumarating minsan ang alitan, inggitan, at awayan. Ang unang bugso ng ating damdamin ay kung paano makaganti o balikan ang taong nakasakit sa atin. Ibang-iba ang tinuturo ni Jesus. Kinikilala niya ang masakit na karanasan mo pero ang iyong paghihiganti ay dapat naaayon sa mga prinsipyo at panukala ng Diyos. Kung pakikinggan mo ang Salita ng Diyos, ang magiging tugon mo ay kabaliktaran ng paghihiganti. Magugulat sa reaksyon mo ang nakatunggali dahil hindi niya inaasahan ang ginawa mo. Ito kasi ay may kinalaman sa kapakanan niya. Gantihan ng kabutihan ang kasamaan!

Martes, Hunyo 14, 2005
Ika-11 Linggo ng Taon

Unang Pagbasa: 2 Cor 8:1-9
Tinapay ng Buhay: Mt 5:43-48

Sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad, “Narinig na ninyo na sinabi: Mahalin mo ang iyong kapwa at kamuhian ang iyong kaaway. Ngunit sinasabi ko sa inyo: Mahalin ninyo ang inyong kaaway, at ipagdasal ang mga umuusig sa inyo. Sa ganito kayo magiging mga anak ng inyong Amang nasa langit. Sapagkat pinasisikat niya ang araw sa kapwa masama at mabuti, at pinapapatak niya ang ulan sa kapwa makatarungan at di-makatarungan.

“Kung mahal ninyo ang nagmamahal sa inyo, bakit kayo gagantimpalaan? Di ba’t ginagawa rin ito ng mga kolektor ng buwis? At kung ang mga kapatid ninyo lamang ang inyong binabati, ano ang naiiba rito? Di ba’t ginagawa rin ito ng mga pagano?

“Kaya maging ganap kayo gaya ng pagiging ganap ng inyong Amang nasa langit.”

Komentaryo

Paano naman tayo makikitungo sa ating kaaway? Hinihingi ng Diyos ang isang radikal na pag-ibig sa bawat isa sa atin. Hangga’t makakaya dapat tayong mamuhay ng mapayapa sa lahat ng tao. Huwag maghihiganti, ipaubaya na lang ito sa Diyos (Rom 12:17-18). Kung talagang nangyari na may nakaaway ka heto ang sabi sa Rom 12:20-21: “Kaya, kung nagugutom ang iyong kaaway, pakanin mo;

kung nauuhaw, painumin mo; sa gayon, mapapahiya siya sa kanyang sarili. Huwag kang padaig sa masama, kundi daigin mo ng mabuti ang masama.” Tila yata nakakagulat at mahirap gawin. Ngunit maaring gawin kung ating gugustuhin. Simulan ito sa panalangin!

Miyerkules, Hunyo 15, 2005
Ika-11 Linggo ng Taon

Unang Pagbasa: 2 Cor 9:6-11
Tinapay ng Buhay: Mt 6:1-6, 16-18

Sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad, “Pag-ingatang huwag maging pakitang-tao lamang ang inyong mababuting gawa. Kung ganito ang gagawin ninyo, wala na kayong gantimpala sa inyong Amang nasa langit. Kaya pag nagbibigay ka ng limos, huwag pahipan ang trumpeta sa unahan gaya ng ginagawa ng mga mapagkunwari sa sinagoga at sa mga daan; gusto nilang mapuri ng mga tao. Sinisiguro ko sa inyo na nagantimpalaan na sila nang husto.

“Kaya kung ikaw naman ang magbibigay ng limos, huwag ipaalam sa iyong kaliwang kamay ang ginagawa ng iyong kanang kamay; at mananatiling lihim ang iyong paglilimos at ang iyong Amang nakakakita sa mga lihim ang siyang gagantimpala sa iyo. Kung mananalangin kayo, huwag ninyong tularan ang mga mapagkunwari. Gustung-gusto nilang tumayo sa mga sinagoga o sa mga daan para manalangin nang nakikita ng marami. Sinisiguro ko sa inyo na nagantimpalaan na sila nang husto.

“At kung ikaw naman ang mananalangin, pumasok sa iyong silid, isara ang pinto at manalangin sa iyong Ama na kasama mo nang lihim; at ang iyong Ama na nakakakita sa ipinaglilihim ang gagantimpala sa iyo.”

“Pag mag-aayuno kayo, huwag magpakita ng lungkot sa mukha gaya ng mga mapagkunwari. Nagpapakita sila ng lungkot sa mukha para makita ng tao na nag-aayuno sila. Talagang sinasabi ko sa inyo na nagantimpalaan na sila nang husto. Kung ikaw naman ang mag-aayuno, maghilamos at ayusin ang sarili sapagkat hindi ka nag-aayuno para pakitang-tao lamang kundi para sa iyong Amang nakakakita sa lahat. At gagantimpalaan ka ng iyong Amang nakakakita sa lahat ng lihim.”

Komentaryo

Ang pagbibigay ay galing sa puso. Ito ay hindi dapat maging dahilan ng pagmamalaki. Kahit sino ay maaaring bukas-palad magkaloob. Hindi lamang materyal na bagay o pera ang puwedeng ibigay. Maaari ring ibigay ang panalangin, pag-ibig at pagmamalasakit sa kapwa. Tinitingnan ng Diyos ang nilalalaman ng iyong puso at ang motibo. Batid niya kung tunay o pakitang-tao lamang ang ating ginagawa. Ang ginagawa para sa kaluwalhatian ng Diyos, kung pagbibigay man o hindi, ay hindi ipinapakita sa tao nang hayagan. Ang lihim na pagbibigay ay tiyak na may gantimpala sa Diyos. Kapag bukas-palad kang magbibigay, bukas-palad din ang balik ng Diyos sa iyo.

Huwebes, Hunyo 16, 2005
Ika-11 Linggo ng Taon

Unang Pagbasa: 2 Cor 11:1-11

Tinapay ng Buhay: Mt 6:7-15

Sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad, “Pag mananalangin kayo, huwag kayong magsalita nang magsalita gaya ng ginagawa ng mga pagano; naniniwala nga sila na mas pakikinggan sila kung marami silang sinasabi. Huwag kayong tumulad sa kanila. Alam ng inyong Ama ang mga pangangailangan ninyo bago pa man kayo humingi.

Kaya, ganito kayo manalangin:
Ama naming nasa Langit,
sambahin ang Ngalan mo,
dumating ang Kaharian mo,
sundin ang loob mo
dito sa lupa para nang sa Langit.
Bigyan mo kami ngayon ng aming kakanin
sa araw-araw,
patawarin mo ang aming mga pagkakautang
gaya ng pagpapatawad namin
sa mga nagkakautang sa amin.
Huwag mo kaming dalhin sa tukso,
at iligtas mo kami sa Masama.

“Kung patatawarin ninyo ang mga nagkasala sa inyo, patatawarin din kayo ng inyong Amang nasa Langit. At kung hindi ninyo patatawarin ang mga nagkasala sa inyo, hindi rin kayo patatawarin ng inyong Ama.”

Komentaryo

Maraming kahulugan ang panalangin. Masasabi natin na lahat ay nananalangin. Pakinggan natin ang turo ni Jesus dito. Nagsisimula ang panalangin sa pamamagitan ng pagpupugay at pagpupuri sa Diyos Ama. Kinikilala natin na bukod-tangi ang Diyos sa ating buhay. Tapos ayon sa kanyang kalooban tayo ay magbibigay ng ating samo at karaingan. Ito’y pangsaman-talang magwawakas sa katiyakan na ang Diyos na ating kausap ay narinig ang ating taos-pusong dalangin. Hindi kumpleto ang panalangin kung wala ang paghingi ng kapatawaran sa Diyos at pagpapatawad sa kapwa. Ang panalangin na nagmumula sa kaibuturan ng ating puso ay nagsisilbing linya natin sa kalangitan.

Biyernes, Hunyo 17, 2005
Ika-11 Linggo ng Taon

Unang Pagbasa: 2 Cor 11:18, 21-30
Tinapay ng Buhay: Mt 6:19-23

Sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad, “Huwag dito sa lupa kayo mag-ipon ng inyong mga iniipon sapagkat dito’y masisira ang mga iyon ng mga kulisap at kalawang, at mananakaw ng magnanakaw.

“Sa piling ng Diyos kayo mag-ipon ng inyong iniipon; wala nga roong kulisap o kalawang na sisira, at walang magnanakaw. Malaman mo nawa na kung nasaan ang iyong kayamanan, naroon din ang iyong puso.

“Ang iyong mata ang lampara ng iyong katawan; kung malinaw ang iyong mata, nasa liwanag ang buo mong katawan. Kung malabo naman ang iyong mata, nasa kadiliman ang buo mong katawan. At kung dumilim ang liwanag na nasa iyo, gaano pa kaya ang madilim!”

Komentaryo

Ano ang binibigyan mo ng halaga sa buhay mo? Ang sagot mo dito ay magsasabi kung nasaan ang iyong puso. Mahalaga sa Diyos ang nilalaman ng ating puso. Ito kasi ang sentro ng buhay. Ito ang nagtutulak sa ating kumilos. Kung ang Diyos at ang lahat ng bagay na may kinalaman sa Diyos ay pumapangalawa lamang sa iyong puso, lalabas ito sa iyong pamumuhay. Ang mga kayamanan, mga bagay, adhikain, paniniwala, balakin at mga iniisip mo ay nakatuon ba sa Diyos o hindi? Bigyan daw natin ng pansin ang mga bagay na panlangit dahil ito ay magtatagal magpakailanman. Sabi sa Colosas 3:1-2, "...pagsumikapan ninyo ang mga bagay na nasa langit..." Bakit hindi!

Sabado, Hunyo 18, 2005
Ika-11 Linggo ng Taon

Unang Pagbasa: 2 Cor 12:1-10
Tinapay ng Buhay: Mt 6:24-34

Sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad, "Walang makakapagsilbi sa dalawang amo; siguradong kamumuhian ang isa at mamahalin naman ang isa pa, o magiging matapat sa una at mapababayaan ang pangalawa. Hindi kayo makapaglilingkod sa Diyos at sa pera.

"Kaya sinasabi ko sa inyo: huwag mag-alala sa kakanin at iinumin para sa inyong buhay, o sa idadamit para sa inyong katawan. Di ba't mas mahalaga ang buhay kaysa pagkain, at ang katawan kaysa damit? Tingnan ninyo ang mga ibon sa langit: hindi sila naghahasik ni nag-aani, ni nag-iipon sa mga bodega, gayunma'y pinakakain sila ng inyong Amang nasa Langit. Di ba't mas mahalaga kayo kaysa mga ibon?

"Sino sa inyo ang makapagdadagdag sa kanyang taas sa pagkabahala niya? At bakit kayo mababahala tungkol sa pananamit? Tingnan ninyo ang mga bulaklak sa bukid, sa pagtubo ng mga ito. Hindi sila nagtatrabaho o humahabi. Ngunit sinasabi ko sa inyo na kahit na si Solomon sa kanyang kayamanan ay hindi nakapagbihis gaya ng isa sa kanila. Kung ganito ang damit na ibinibigay ng Diyos sa mga damo - mga damong nasa bukid ngayon at susunugin bukas sa kalan, higit pa ang gagawin niya para sa inyo, mga taong maliit ang paniniwala!

"Huwag na kayong mag-alala at magsabi: Ano ang ating kakanin? Ano ang ating iinumin? O, ano ang ating isusuot? Ang mga pagano ang nababahala sa mga bagay na ito; ngunit alam ng inyong Amang nasa Langit na kailangan ninyo ang mga ito.

"Kaya hanapin muna ninyo ang kaharian at katarungan ng Diyos, at ibibigay rin sa inyo ang lahat ng ito. At huwag alalahanin ang bukas sapagkat bahala ang bukas na mag-alala sa kanyang sarili. Sapat na sa bawat araw ang sariling hirap nito."

Komentaryo

Numero Uno ba ang Diyos sa iyong buhay? Naghahari ba ang Panginoon sa iyo? Ang ebanghelyo ngayon ay sumasagot sa mga katanungang ito. Kung paano inaalagaan ng Diyos ang mga nilikha niya - mga ibon, halaman, atbp - higit pa ang pag-aaruga ng Diyos sa atin bilang pinakadakila sa lahat ng nilikha. Ginagawa ng Diyos ang bahagi niya. Ginagawa ba natin ang bahagi natin?

Inaasahan ng Diyos na siya lamang ang nangingibabaw sa iyong buhay. Lahat ng ating pangangailangan ay ibibigay niya kung siya ang naghahari sa ating buhay. Hindi tayo pababayaan ng Diyos! Tanging ang pinakamainam na interes mo ang ninanais ng Diyos para sa iyo.

Linggo, Hunyo 19, 2005
Ika-12 Linggo ng Taon

Unang Pagbasa: Jer 20:10-13

Maraming bulungan akong naririnig laban sa akin:
"Sindak sa lahat ng dako! Isuplong siya! Oo, isuplong siya!"
Binabantayan ako ng aking mga kaibigan hinihintay na madulas,
"Baka malinlang siya, kayat malalamangan natin siya at tayo'y makapaghihiganti."

Ngunit sumasaakin si Yawe na isang malakas na mandirigma. Kaya madarapa ang mga umuusig sa akin; hindi sila makapananaig. Mabibigo sila, lubhang mapapahiya, at hinding-hindi malilimot ang kanilang kahihiyan! Yawe ng mga Hukbo na sumusubok sa matuwid at sumusuri sa puso at isipan, ipakita sa akin ang pagganti mo sa kanila; sa iyo ko nga iniaasa ang aking usapin. Umawit kay Yawe! Purihin si Yawe! Iniligtas niya ang dukha sa mga masama!

Ikalawang Pagbasa: Rom 5:12-15

Mga kapatid, sa pamamagitan ng iisang tao pumasok ang kasalanan sa daigdig; at sa pamamagitan ng kasalanan, ang kamatayan. At umabot ang kamatayan sa lahat ng tao dahil nagkasala ang lahat. Nasa daigdig na ang kasalanan, pero wala pang matatawag na paglabag dahil wala pang Batas. Kaya mula kay Adan hanggang kay Moises, napailalim sa kamatayan maging ang mga hindi nagkasala dahil sa paglabag sa utos - gaya ni Adan - na siyang anino lamang ng ibang darating na Adan.

Ganyan ang pagkadapa. Ngunit walang kaparis ang bisa ng kaloob ng Diyos. Namatay ang lahat dahil sa kasalanan ng isa lamang; ngunit mas dumadami pa ang regalo ng Diyos, ang masaganang libreng kaloob na umabot sa napakaraming tao mula sa isang tao na si Jesucristo.

Tinapay ng Buhay: Mt 10:26-33

Sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad, "Walang tinatakpan na di nabubunyag at walang natatago na di nahahayag. Ang sinasabi ko sa inyo sa dilim, ipahayag ninyo sa liwanag. Ang narinig ninyo nang pabulong, ipahayag mula sa bubong.

"Huwag matakot sa mga nakapapatay ng katawan ngunit hindi ng kaluluwa. Matakot kayo sa may kapangyarihang sumira ng kaluluwa pati ng katawan sa impiyerno. Nabibili ang maya nang dalawa isang pera, pero wala isa mang bumabagsak sa lupa na hindi niloloob ng Ama. At kayo, bilang na pati buhok sa inyong ulo. Kaya huwag kayong matakot: mas mahalaga kayo kaysa mga maya.

"Ang sinumang kumilala sa akin sa harap ng mga tao ay kikilalanin ko sa harap ng aking Ama sa Langit. At ang ayaw kumilala sa akin sa harap ng mga tao ay hindi ko rin kikilalanin sa harap ng aking Ama sa Langit."

Komentaryo

Ang kalagayan ng buhay ngayon ay tunay na naghahatid ng takot. Sino ba ang hindi matatakot sa laganap na krimen, karahasan, at kaguluhan. Walang matinong solusyon ang inaalok ng mga may kapangyarihan sa gobyerno o lipunan. Maraming tao ang nawawalan ng pagasa sa sobrang takot sa hindi maunawaang kinabukasan. Huwag matakot, sabi ng Diyos. Siya ang bahala sa atin. Hawak niya ang kinabukasan at ang ating buhay. Tayo ay mahalagang-mahalaga sa mata ng Diyos. Ilagak mo ang buhay mo sa kamay niya at tiyak na hindi ka niya pababayaan. Walang hindi alam ang Diyos. Walang maitatago sa kanya. Walang puwersa sa lupa o sa langit, nakikita man o hindi, na kayang tapatan ang Diyos. Siya ang magbibigay sa atin ng kaligtasan at kapanatagan. Huwag kang matakot!

Lunes, Hunyo 20, 2005
Ika-12 Linggo ng Taon

Unang Pagbasa: Gen 12:1-9
Tinapay ng Buhay: Mt 7:1-5

Sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad, “Huwag humatol at hindi kayo hahatulan. Kung paano kayo humatol sa inyong kapwa, gayon din kayo hahatulan, at susukatin kayo sa sukatang ginamit ninyo. Bakit mo tinitingnan ang puwing sa mata ng iyong kapatid? At di mo pansin ang troso sa iyong mata. Paano mo masasabi sa iyong kapatid: ‘Halika, at aalisin ko ang puwing sa iyong mata,’ kung may troso naman sa iyong mata? Mapagkunwari! alisin mo muna ang troso sa iyong mata, at saka mo makikita kung paano aalisin ang puwing sa mata ng iyong kapatid.”

Komentaryo

Sa mata ng Diyos tayo ay pantay-pantay. Hindi dapat lumamang ang isang tao higit sa kanyang kapwa. Ang akala ng marami ang edukasyon o nagawa sa buhay ay nagbibigay ng karapatan upang sila ay humusga sa kapwa. Tayong lahat ay nilikha ng Diyos na may dignidad at halaga. Walang karapatan ang sinuman na tapakan at maliitin ang kapwa. Sabi ni Job: “Hubad akong lumabas sa tiyan ng aking ina, hubad din akong babalik sa alabok. Si Yahweh ang nagbibigay, siya rin ang kukuha...” (1:21). Tratuhin nating pantay-pantay ang isa’t-isa. Bago ka magsalita laban sa kapwa mo ay tingnan mo muna ang sarili mo. Ang Diyos ang tunay na humahatol.

Martes, Hunyo 21, 2005
Ika-12 Linggo ng Taon
Luis Gonzaga

Unang Pagbasa: Gen 13:2, 5-18
Tinapay ng Buhay: Mt 7:6, 12-14

Sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad, “Huwag ibigay ang banal sa mga aso o itapon ang inyong perlas sa mga baboy, at baka yapakan nila ito at balikan kayo at lapain.

“Kaya gawin ninyo sa iba ang gusto ninyong gawin sa inyo, ito ang nasa Batas at Mga Propeta.

“Pumasok sa makipot na pinto sapagkat malapad ang pintuan at malawak ang daan papunta sa kapariwaraan, at marami ang pumapasok doon. Napakakipot naman ang pintong papunta sa buhay at mabalakid ang daan at kakaunti ang mga nakakatagpo rito.”

Komentaryo

Sabi ng ilan, marami raw daan patungo sa Diyos! Mahaba o maikli man, marangya o mahirap man ang daang tinatahak mo ngayon sa Diyos din ang patungo. Ngunit sa ating ebanghelyo tila sinasabi ng Panginoong Jesus na iisa lamang ang daan patungo sa Diyos. Marami ang nagtatanong bakit masikip ang daan patungo sa Diyos? Sabi ni Jesus: “Ako ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Walang makapupunta sa Ama kundi sa pamamagitan ko.” (Jn 14:6). Tanging si Jesus lamang ang daan sa Diyos. Makipot nga ito kasi si Jesus lang ang tunay na daan. Dapat tayong magdesisyon kung saang daan ang ating tatahakin.

Miyerkules, Hunyo 22, 2005
Ika-12 Linggo ng Taon
Tomas More

Unang Pagbasa: Gen 15:1-12, 17-18
Tinapay ng Buhay: Mt 7:15-20

Sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad, “Mag-ingat sa mga bulaang propeta na lumalapit sa inyo na parang mga tupa pero mababagsik na mga asong-gubat naman sa loob. Makikilala ninyo sila sa kanilang mga bunga. Makapipitas ba ng ubas sa tinikan o ng igos sa dawagan?

“Namumunga ng mabuti ang mabuting puno, at namumunga naman ng masama ang masamang puno. Hindi makapamumunga ng masama ang mabuting puno, at ang masamang puno naman ay hindi makapamumunga ng mabuti. Pinuputol ang anumang puno na hindi namumunga ng mabuting bunga at itinatapon sa apoy. Kaya makikilala ninyo sila sa kanilang bunga.”

Komentaryo

Isang araw isang grupo ng mga bata ang namasyal sa probinsya. Natanaw nila sa malayo ang isang bukid na mayroong mga puno. Nilapitan nila ito upang malaman ang uri. Natiyak nila ang uri ng puno sa pamamagitan ng kanyang bunga. Maraming tao ang nagpapanggap na alagad ng kabutihan na ninanais daw makatulong. Magingat kayo dahil baka niloloko lang nila kayo. Sabi ng ebanghelyo makikilala natin sila sa pamamagitan ng kanilang gawa. Lalabas at mahahayag sa kanilang buhay at mga gawa ang mga masasamang balakin ng mga taong ito. Laganap ang mga mapagkunwaring tao ngayon. Dapat natin matanto ang mga gawa at ugali ng mga ito. Ingat lang!

Huwebes, Hunyo 23, 2005
Ika-12 Linggo ng Taon

Unang Pagbasa: Gen 16:1-12, 15-16
Tinapay ng Buhay: Mt 7:21-29

Sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad, “Hindi lahat ng nagsasabi sa akin ng ‘Panginoon! Panginoon!’ ay papasok sa kaharian ng Langit kundi ang nagsasagawa sa kalooban ng Diyos ang siyang papasok sa Kaharian ng Langit.

“Sa araw na iyon, marami ang magsasabing: ‘Panginoon, Panginoon, hindi ba kami nagsalita sa ngalan mo? Hindi ba nagpalayas kami ng mga demonyo at gumawa ng mga himala sa ngalan mo?’ Ngunit sasabihin ko sa kanila nang walang paliguy-ligoy: ‘Hinding-hindi ko kayo kilala; lumayo sa akin kayong mga gumagawa ng masama.’

“Kaya kung may nakikinig sa mga salita ko at sumusunod dito, matutulad siya sa isang matalinong nagtayo ng bahay sa batuhan. Bumagyo at bumaha ang ilog at humangin nang malakas, ngunit hindi nagiba ang bahay sapagkat itinayo ito sa batuhan. At ang sinumang nakakarinig sa aking mga salita at hindi nagsasagawa nito, matutulad siya sa isang hangal na nagtayo ng bahay sa buhangin. Bumagyo at bumaha ang ilog at humangin nang malakas, at bumagsak ang bahay at kay laking kapahamakan!”

Nang matapos si Jesus sa mga pananalitang ito, nagulat ang mga tao sa kanyang pangangaral sapagkat nangaral siya nang may kapangyarihan, hindi gaya ng kanilang mga guro ng Batas.

Komentaryo

Paano raw makakapasok sa Kaharian ng Diyos? Yung sumusunod sa kalooban ng Diyos! Saan daw matatagpuan ang kalooban ng Diyos? Sa Salita ng Diyos! Ano raw ang kalooban ng Diyos? Ang sabi ni Jesus: “Sapagkat ito ang kalooban ng aking Ama: ang lahat ng ... manalig sa Kanyang Anak ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan.” (Jn 6:40). Mahalaga sa Diyos ang pakikinig at pagsasagawa ng kanyang Salita sa atin. Ang kalooban ng Ama na napapaloob sa Salita ng Diyos ay dapat pakinggan at tuparin. Dito winakasan ni Jesus ang turo niya na tinatawag na Sermon sa Bundok. Matibay at matatag ang taong sumusunod at ginagawa ang kalooban ng Diyos.

Hunyo 24
Biyernes

Pagsilang ni Juan, ang Tagapagbinyag

Unang Pagbasa: Is 49:1-6
Ikalawang Pagbasa: Gawa 13:22-26
Tinapay ng Buhay: Lc 1:57-66, 80

Ngunit nang sumapit na ang panganganak ni Elizabeth, isang anak na lalaki ang isinilang niya. Narinig ng mga kapitbahay at mga kamag-anakan niya kung gaano nagdalang-awa sa kanya ang Panginoon kayat nakigalak sila sa kanya.

Nang ikawalong araw na, dumating sila para tuliin ang sanggol at pangangalanan sana nila itong Zacarias gaya ng kanyang ama. Sumagot naman ang kanyang ina: “Hindi, tatawagin siyang Juan.” Pero sinabi nila sa kanya: “Wala ka namang kamag-anak na may ganyang pangalan.” Kaya sumenyas sila sa ama ng sanggol kung ano ang gusto niyang itawag dito. Humingi siya ng isang sulatan, at sa pagtataka ng lahat ay kanyang isinulat: “Juan ang pangalan niya.” Noon di’y nabuksan ang kanyang bibig at nakalag ang kanyang dila. Nakapagsalita siya at nagpuri sa Diyos.

Kaya namayani ang banal na pagkatakot sa kanilang mga kapitbahay. At naging usap-usapan ang lahat ng pangyayaring ito sa buong mataas na lupain ng Juda. Nag-isip-isip ang mga nakarinig at nagtanungan: “Ano na kaya ang mangyayari sa sanggol na ito?” Dahil sumasakanya ngang talaga ang kamay ng Panginoon.

Habang lumalaki ang bata, pinatatag siya ng espiritu. Nanirahan siya sa disyerto hanggang sa araw ng kanyang pagkakahayag sa Israel.

Komentaryo

Magiging ano kaya ang batang ito? Ang tanong na ito sa ating ebanghelyo ay tungkol sa kalooban ng Diyos kay Juan Bautista. Iba ang ibinigay na pangalan, hindi galing sa ama katulad ng dikta ng kultura nguni’t galing sa Diyos. Naging pipi at bingi si Zacarias dahil hindi siya naniwala sa Diyos (Lc 1:20). Si Juan Bautista ay hinirang ng Diyos upang gumanap ng espesyal na misyon. Hindi naniwala ang tatay niya. Ganoon din tayo kapag hindi tayo maniwala sa kapahayagan ng Diyos. Nagiging pipi at bingi tayo sa mga kilos at balak ng Diyos - hanggang sa maliwanagan din tayo sa pamamagitan ng Banal na Espiritu - magpupuri rin tayo katulad ni Zacarias sa wakas.

Sabado, Hunyo 25, 2005
Ika-12 Linggo ng Taon

Unang Pagbasa: Gen 18:1-15
Tinapay ng Buhay: Mt 8:5-17

Pagdating ni Jesus sa Capernaum lumapit sa kanya ang isang kapitan at nakiusap sa kanya: “Ginoo, nakahiga sa bahay ang aking katulong. Lumpo siya at sobra na ang paghihirap...” Sinabi sa kanya ni Jesus: “Paroroon ako at pagagalingin ko siya.” Sumagot ang kapitan: “Hindi ako karapat- dapat para tumuloy ka sa bahay ko. Mag-utos ka lang at gagaling na ang aking katulong. May nag-uutos sa akin at may inuutusan din ako, at pag sinabi ko sa isa sa mga kawal na nasa ilalim ko: ‘Pumaroon ka,’ pumaparoon siya. At sinasabi ko naman sa isa pa: ‘Pumarito ka,’ at pumaparito siya; at sa aking katulong: ‘Gawin mo ito,’ at ginagawa niya ito.”

Nang marinig ito ni Jesus, humanga siya at sinabi sa mga sumusunod sa kanya: “Sinasabi ko sa inyo, wala pa akong natagpuang ganitong paniniwala sa Israel. Sinasabi ko sa inyo: marami ang darating mula sa silangan at sa kanluran para makisalo kina Abraham, Isaac at Jacob sa kaharian ng Langit. At itatapon naman sa kadiliman ang mga tagapagmana ng Kaharian; at doon ang iyakan at pagngangalit ng mga ngipin.”

At sinabi ni Jesus sa kapitan: “Umuwi ka at mangyayari ang pinaniniwalaan mo.” At gumaling ang katulong sa oras ding iyon. Pagpasok naman ni Jesus sa bahay ni Pedro, nakita niya ang biyenan ni Pedro na may lagnat at nakahiga. Hinawakan niya ito sa kamay at nawala ang lagnat nito. Kaya bumangon ito at nagsimulang maglingkod sa kanya.

Pagkalubog ng araw, dinala nila kay Jesus ang mga taong inaalihan ng masasamang espiritu, at sa isang salita lamang ay napalayas niya ang mga ito. Pinagaling din niya ang mga maysakit. Sa ganitong paraan natupad ang sinabi ni Propeta Isaias: Kinuha niya ang ating mga sakit at pinasan ang ating mga karamdaman.

Komentaryo

Minsan lang makita sa Biblia na humanga ng husto ang Panginoong Jesus dahil sa paniniwala ng isang tao. Pananalig ang susi sa pagunawa, pagganap at pagtupad ng Salita ng Diyos sa ating buhay. Ang pananalig ang hinahanap ng Panginoon sa atin (Lc 18:8). Ang ilan sa katangian ng isang payak na pananalig ay: nakatuon at nakasalalay sa Panginoong Jesus, nakaayon at nakabase sa Salita ng Diyos at simpleng panalangin. Nais nating makita yung mga katagang, "nakiusap sa kanya," at "dinala kay Jesus." Ito kasi ay nagtuturo sa atin kung gaano kahalaga ang Panginoon sa atin at ang pananalig sa kanya sa pangaraw-araw na buhay.

Linggo, Hunyo 26, 2005
Ika-13 Linggo ng Taon

Unang Pagbasa: 2 H 4:8-11, 14-16

Isang araw, nagpunta naman si Eliseo sa Sunem, at inanyayahan siyang kumain doon ng isang babaeng maykaya. Kayat tuwing mapapadaan siya, nagtutuloy siya roon para kumain.

Sinabi ng babae sa kanyang asawa: "Nakita mo na, sabi ko na nga ba't isang banal na tao ng Diyos ang lalaking ito na malimit dumaan sa atin. Gumawa tayo ngayon ng isang maliit na kuwarto sa bubungan para sa kanya, at lagyan natin ng higaan, mesa, silya at lampara. Kayat pagparito niya, doon siya makatutuloy."

Isang araw, pagdating ni Eliseo, umakyat siya sa kuwarto sa bubungan at nahiga roon. At sinabi niya sa kanyang alalay na si Gehazi: "Tawagin mo ang Sunemita." Tinawag nga nito ang babae, at humarap ito kay Eliseo.

At sinabi ni Eliseo kay Gehazi: "Ano kaya ang magagawa natin para sa kanya?" Sumagot ang binata: "Wala siyang anak at matanda na ang kanyang asawa." Kaya sinabi ni Eliseo: "Tawagin mo siya." Tinawag siya ng alalay, at tumayo ang babae sa may pintuan. Sinabi ni Eliseo: "Sa ganito ring panahon sa susunod na taon, kakargahin mo ang isang anak na lalaki." Sumagot ang babae: "Hindi, O tao ng Diyos, panginoon ko. Huwag ninyong linlangin ang inyong lingkod."

Ikalawang Pagbasa: Rom 6:3-4, 8-11

Alam n'yong lahat ng bininyagan para mabuklod kay Kristo ay bininyagan at inilubog sa kanyang kamatayan. Sa binyag tayo nalibing kasama ni Kristo, at kung paanong mula sa mga patay, ay ibinangon si Kristo ng luwalhati ng Ama, gayon din naman tayo magbabagong-buhay.

Alam n'yo na ipinako kasama niya sa krus ang lumang taong nasa atin upang mawala na ang katawang ari ng kasalanan, at hindi na natin paglingkuran ang kasalanan. Kung patay na nga ang sinuman, hindi na siya sakop ng kasalanan. Ngunit kung kasama naman tayong namatay ni Kristo, dapat tayong maniwala na mabubuhay rin tayong kasama niya. Alam natin na hindi na mamamatay si Kristo matapos ibangon. Wala nang kapangyarihan sa kanya ang kamatayan. Namatay na siya nang minsanan para sa kasalanan; pero buhay na siyang muli, at para sa Diyos ang buhay niya. Kayat ipalagay ninyo na kayo'y mga patay na para sa kasalanan at mga buhay naman para sa Diyos kay Kristo Jesus.

Tinapay ng Buhay: Mt 10:37-42

Sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad, “Ang mas nagmamahal sa kanyang ama o ina kaysa akin ay hindi karapat-dapat sa akin. Ang mas nagmamahal sa kanyang anak kaysa akin ay hindi karapat-dapat sa akin. At ang hindi nagpapasan ng kanyang krus at sumusunod sa akin ay hindi karapat-dapat sa akin. Ang nagpapahalaga sa kanyang sarili ang siyang mawawalan nito, at ang nawawalan naman ng kanyang sarili ang siyang makakatagpo nito.

“Kung may tumatanggap sa inyo, tinatanggap din niya ako; at kung may tumatanggap sa akin, tinatanggap din niya ang nagsugo sa akin. Kung may tumanggap sa isang propeta dahil propeta ito, tatanggapin niya ang gantimpalang bagay sa isang propeta; kung may tumanggap sa isang mabuting tao dahil marangal ito, tatanggapin niya ang gantimpalang bagay sa isang mabuting tao. Kung may magpainom ng malamig na tubig sa isa sa maliliit na ito dahil sa alagad ko ito, sinasabi kong hindi siya mananatiling walang gantimpala.”

Komentaryo

Ang disipulo ng Panginoong Jesus ay wagas at ganap ang pagsunod sa Kanya. Nakasentro ang buhay ng alagad sa Panginoon. Tinuturing ng alagad ang sarili niya bilang patay alang-alang sa Panginoon (Gal 2:20). Ang mga relasyon, interes at plano ng alagad ay sumasailalim sa kalooban ng Diyos. Ang buhay ng isang disipulo ay umiikot sa Panginoong Jesus. Ang alagad kasi ay kumakatawan sa Panginoon. Siya ang sugo ng Diyos, isang embahador na tumatayo para sa Panginoon. Kung gayon, kung sino ang tumanggap sa kinatawan ng Panginoon ay parang tinanggap nila ang Panginoon mismo. Pagpapalain ng husto ang sinumang may magandang loob na tumanggap sa mga sugo ng Diyos!

Lunes, Hunyo 27, 2005
Ika-13 Linggo ng Taon
Cirilo ng Alexandria

Unang Pagbasa: Gen 18:16-33
Tinapay ng Buhay: Mt 8:18-22

Nang makita ni Jesus ang maraming taong nakapaligid sa kanya, iniutos niyang tumawid sa kabilang ibayo. May lumapit sa kanya na isang guro ng Batas na nagsabi: “Panginoon, susunod ako sa iyo saan ka man pumunta.” Sinabi ni Jesus sa kanya: “May lungga ang asong-gubat, may pugad ang mga ibon, ngunit wala man lang mapahiligan ng kanyang ulo ang Anak ng Tao.”

Isa pa sa mga alagad ang nagsabi sa kanya: “Panginoon, pauwiin mo muna ako para mailibing ko ang aking ama.” Ngunit sinagot siya ni Jesus: “Sumunod ka sa akin, at bayaan mong ilibing ng patay ang kanilang mga patay.”

Komentaryo

Radikal na pagsunod kay Jesus ang inilalarawan ng ebanghelyo. Ang mga alagad ng Diyos ay laging handa. Saan man mapadpad, handang tahakin ng alagad ng Diyos ang anumang situwasyong kinalalagyan niya. Kung saan ka tawagin ng Diyos doon ka dapat tumungo. Ang Panginoon ay may layunin sa bawat galaw niya. Minsan hindi mo gusto kung saan ka niya dinadala, ganoon ang pagsunod sa kanya. Huwag kang umangal sapagkat alam ng Diyos ang ginagawa niya. May

layunin siya para sa iyo, sa iyong paglago sa kanya at pagpapala niya sa iyo. Kung hihilingin mo sa Diyos ang direksyon na kailangan mo, ipapakita niya sa iyo ito.

Martes, Hunyo 28, 2005
Ika-13 Linggo ng Taon
Ireneo

Unang Pagbasa: Gen 19:15-29
Tinapay ng Buhay: Mt 8:23-27

Sumakay si Jesus sa bangka at sumunod sa kanya ang mga alagad niya. Walang anu-ano'y nagkaroon ng malakas na bagyo sa lawa at parang matatabunan na ng mga alon ang bangka. Ngunit tulog si Jesus.

Ginising siya nila na sumisigaw: "Panginoon, saklolo! Mamamatay tayo!" At sinabi ni Jesus: "Ba't kayo natatakot, kayong napakaliit ng paniwala?" Bumangon siya at inutusan ang mga alon at hangin, at tumahimik ang lahat.

Nagulat ang mga tao at sinabi nila: "Anong klaseng tao ito? Sumusunod sa kanya pati mga hangin at dagat."

Komentaryo

Kung ikaw ay mananalig sa Diyos ang mga unos ng pagsubok, tukso at problema ay malalampasan mo. Ang pinakamatinding unos sa buhay ay kayang-kaya ng Diyos. Pati mga tukso ay nasa ilalim ng kapangyarihan niya (1 Cor 10:13). Kapag sinabi ng Diyos na tapos na ang mga nabanggit na paghihirap sa iyo ay tunay na magwawakas na ang mga ito. Parang hindi tayo tinitigilan ng paulit-ulit na pagsubok at tukso. Pero kapag ang presensya ng Diyos ay nasa buhay mo, may katiyakan ng tagumpay laban sa mga pagsubok na ito. Ligtas at panatag ang pakiramdam mo kapag ang Panginoon ay nasa buhay mo. Nasa bangka (buhay) mo ba ang Panginoong Jesus?

Miyerkules, Hunyo 29, 2005
Pedro at Pablo, mga Apostol

Unang Pagbasa: Gawa 12:1-11
Ikalawang Pagbasa: 2 Tim 4:6-8, 17-18
Tinapay ng Buhay: Mt 16:13-19

Pumunta noon si Jesus sa may dakong Cesarea ni Filipo. Tinanong niya ang kanyang mga alagad: "Ano ang Anak ng Tao para sa mga tao? Sino ako para sa kanila?" Sumagot sila: "May nagsasabing si Juan Bautista ka; may iba pang nagsasabing si Elias ka o si Jeremias o isa sa mga propeta kaya."

Sinabi niya sa kanila: "Ngunit sino ako para sa inyo?" At sumagot si Simon Pedro: "Ikaw ang Mesiyas, ang Anak ng Diyos na Buhay." Sumagot naman si Jesus: "Mapalad ka, Simon Bar-Yona, hindi nga laman at dugo ang nagbunyag nito sa iyo kundi ang aking Amang nasa Langit.

"At ngayon sinasabi ko sa iyo: Ikaw si Pedro (o Bato) at sa batong ito ko itatayo ang aking Iglesya; at hinding-hindi ito madadaig ng kapangyarihan ng kamatayan. Ibibigay ko sa iyo ang mga susi ng Kaharian ng Langit: ang itali mo dito sa lupa ay itatali rin sa Langit, at ang kalagan mo dito sa lupa ay kakalagan din sa Langit."

Komentaryo

Ano ba ang Iglesya? Ang Iglesya na binanggit ng Panginoon ay pag-aari niya. Si Jesus rin ang magtatayo nito. Sapagkat ang Iglesya ay kanya at itinatag niya ito, walang pwersa o lakas sa ibabaw ng lupa o sa ilalim ng lupa na makakadaig o makakabuwag dito. Hindi kasi kathang isip lang ng tao ito. Ideya ng Diyos ang Iglesya. Itinayo ito "...sa saligan ng mga apostol at propeta, na ang batong panulukan ay si Kristo Jesus" (Ef 2:20). Si Jesus ang ulo ng Iglesya (Col 1:18) at tayo ang katawan (Rom 12:5). May isang katawan lamang ang Panginoon (Ef 4:1-5) at hindi bukud-bukod ito.

Huwebes, Hunyo 30, 2005
Ika-13 Linggo ng Taon
Mga Unang Martir ng Roma

Unang Pagbasa: Gen 22:1-19
Tinapay ng Buhay: Mt 9:1-8

Sumakay sa bangka si Jesus, tumawid sa lawa at bumalik sa sariling bayan. Dinala sa kanya roon ang isang paralitikong nakahiga sa papag. Nang makita ni Jesus ang kanilang pananalig, sinabi niya sa paralitiko: "Lakasan mo ang iyong loob, anak! Pinatawad na ang iyong mga kasalanan."

Noo'y inisip ng ilang guro ng Batas: "Iniinsulto ng taong ito ang Diyos."

Alam ni Jesus ang kanilang mga niloloob, at sinabi niya: "Bakit kayo nag-iisip ng masama? Ano ba ang mas madaling sabihin: 'Pinatawad na ang iyong mga kasalanan' o 'Tumayo ka at lumakad'? Dapat n'yong malaman na may kapangyarihan sa lupa ang Anak ng Tao na magpatawad ng kasalanan." At sinabi niya sa paralitiko: "Bumangon ka, dalhin mo ang iyong higaan at umuwi." At bumangon ang tao at umuwi.

Nang makita naman ito ng mga tao, napuno sila ng pagkamangha at nagpuri sa Diyos sa pagbibigay ng gayong kapangyarihan sa mga tao.

Komentaryo

Iba talaga ang ilang tao dito, pati ang Panginoon ay humanga sa kanilang pananampalataya! May mga aral tayong mapupulot sa mga nagdala sa paralitiko. Una, naniniwala sila na may ka-pangyarihan si Jesus. Ikalawa, dahil sa pananalig, dinala nila ang kaibigan sa kanya. Inilapit nila sa Diyos ang mga problema at pangangailangan nila. Umaksyon sila ayon sa kanilang pananampalataya. Ikatlo, hindi naging hadlang ang maraming tao sa mga taong ito. Nakamtan nila ang kagalingan para sa dating paralitiko. Simple lang ang pananalig na kaaya-aya sa mata ng Diyos. Sa panahon ngayon kailangan natin ng pananalig sa Panginoong Jesus. Lapit na!